REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
Meralco Avenue, Pasig, Metro Manila

OFFICE OF THE SECRETARY

April 12, 1999

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg 158, s 1999

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA PAGTUTURO
AT PAGHAHANDA NG MGA KAGAMITANG PAMPAGTUTURO
SA PANAHON NG IMPORMASYON

Sa mga Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng Pampribado at Pampublikong Paaralan

1 Ang Kagawaran ng Filipino ng Pamantasang Normal ng Pilipinas, Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon, at Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports ay magdaraos ng Pambansang Seminar-Worksyap sa Pagtuturo ng Filipino at Paghahanda ng mga Kagamitang Pampagtuturo sa Filipino sa Panahon ng Impormasyon sa antas ng elementarya, sekundarya at tersyarya sa Awdyo-Biswal ng Pamantasang Normal ng Pilipinas sa Hulyo 5-7, 1999

2 Ang paksang-diwa ng Pambasang Seminar-Worksyap ay "Ang Paghahanda ng Kagamitang Pampagtuturo sa Filipino sa Panahon ng Impormasyon"

3 Pagkatapos ng Seminar-Worksyap, inaasahang ang dadalong mga kinatawan ay

a Makilala ang iba't-ibang kagamitang pampagtuturo sa ginagamit sa kasalukuyan,
b Makagawa ng ilang mahalagang kagamitan sa pagtuturo na kailangan upang makatugon sa mabilis na pagbabago ng panahon, at
k Matuklasan ang kahalagahan ng papel ng guro sa panahon ng impormasyon

4 Inaasahang ang dadalo sa Seminar-Worksyap na ito ang mga panrehiyon at pansangay na tagamasid at tagapag-ugnay sa Filipino, mga puno ng Kagawaran sa Filipino, mga piling guro na nakatalaga sa paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo mula sa mga paaralang publiko at pribado at ayon

na rin sa pahintulot ng direktor ng rehiyon Maaari lamang dumalo ang mga guro sa Filipino ng opisyal na oras at sa pasubaling ang kanilang klase ay hahawakan ng mga gurong may bakanteng oras

5 Ang bawat kinatawan ay inaasahang magbabayad ng halagang Dalawang Libo at Limang Daang Piso (P2,500 00) para sa rehistrasyon, handouts, bag, at pagkain 6 na miryenda at 3 pananghalian.

6 Para sa reserbasyon at karagdagang impormasyon, makipag-alam lamang kay

Carmelita Arceo
Puno ng Kagawaran ng Filipino
Pamantasang Normal ng Pilipinas
Maynila
Tel Blg 527-05-71

7 Hinihiling ang maaga at dagliang pagpapatupad ng Memorandum na ito

ANDREW GONZALEZ, FSC
Kalihim

Sanggunian
Wala

Pamumudmod 1—(D O 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa

Course of Study, FILIPINO
SEMINARS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
WORKSHOPS